


Pagpili ng produkto at mga serbisyong pananalapi

Makakatulong sa iyo ang iba't ibang mga produkto o serbisyong pananalapi upang matugunan ang tanging layunin o pangangailangan.

Kung gusto mo ng ligtas na lugar upang itabi ang iyong pera, halimbawa, maaari kang magbukas ng isang checking account o savings account. Inyong mapagpipilian magbukas ng account sa bangko o sa isang credit union. Ikaw na ang bahalang magpasya kung aling produkto o serbisyo ang pinaka-epekibo sa iyo.

Makatutulong sa iyo ang gabay na ito na maunawaan ang iba't ibang uri ng produkto na nakatutugon sa taging layunin o pangangailangan at saan makukuha ang mga ito. Kapag



inihahambing mo ang iba't ibang mga produkto at serbisyo, maaaring matutuklasan mo na may mapagpipilian ka na hindi mo inaaakala nang dati.

💡 Mga payo at babala

Pangalagaan ang sarili mula sa magnanakaw ng pagkilanlan

Nagaganap ang pagnanakaw ng pagkilanlan kapag ninakaw ng isang tao ang iyong pagkilanlang pananalapi upang maglinlang. Ang pagnanakaw ng iyong pagkilanlan ay nangangahulugang paggamit ng iyong personal na impormasyon nang wala ang iyong pahintulot, tulad ng iyong pangalan, Social Security number, o credit card number.

Upang maiwasan ang pagnanakaw ng pagkilanlan, magtanong muna bago ibahagi ang iyong personal na impormasyon at panatilihing nakatago ang iyong personal na impormasyon. Kung nangangasiwa ka ng isang account o card online, pangalagaan ito sa pamamagitan ng password, at gumamit ng security software upang bantayan ito.

Huwag ibigay ang impormasyon tulad ng iyong bank account, prepaid card, Social Security, o credit card number kaninuman na tumatawag sa iyo o kaninuman na hindi mo masyadong kilala at pinagkakatiwalaan.

Malayan ang "affinity fraud"

Minsan ang mga taong pinagkakatiwalaan mo dahil magkakatulad ang iyong mga karanasan - isang tao na mula sa inyong simbahan o nagsasalita ng iyong wika - maaaring magtatangkang pagsamantalain ka. Tinatawag itong "affinity fraud." Huwag ibigay ang iyong impormasyong personal o pampananalapi kaninuman na tumawag sa iyo o hindi mo masyadong kilala at pinagkaaktiwalaan. Kabilang dito ang iyong bank account, Social Security, o prepaid card number.



Mga dahilang humanap ng isang service provider na pampananalapi

Markahan ang mga naaangkop sa iyo, pagkatapos gamitin ang talahanayan upang mas malaman ang higit pa.

- Gusto ko ng ligtas at walang panganib na lugar upang itabi ang aking pera.

Mga produktong makatutugon ng iyong pangangailangan	Saan kunin ito?
Savings account, checking account, o sertipiko ng deposito	Bangko o credit union
Payroll card (isang uri ng debit card)	Bangko o credit union na pinili ng iyong employer
Prepaid card (sa karaniwan kinakailangan ng mga prepaid card na nangangalaga ng iyong pondo na i-register mo ang card)	Bangko o credit union, retailer, check cashing store, o online

Mga Payo: Huwag magdala ng malaking halaga ng pera o mag-iwan ng pera sa iyong bahay. Hindi ito ligtas. Mahirap o imposibleng mabawi ang pera na nawala, nanakaw, o nasira.

- Gusto ko ng madaling paraan upang bayaran ang aking mga bill.

Mga produktong makatutugon ng iyong pangangailangan	Saan kunin ito?
Checking account	Bangko o credit union
Mga money order	Bangko o credit union, Post Office, retailer
Mga serbisyo ng pagbabayad ng bill	Bangko o credit union, merchant o service provider, online bill payment service
Mga prepaid debit card	Bangko o credit union, tindahan na nagka-cash ng tseke, online

Mga Payo: Tiyakin na tingnan kung paano kayo magbabayad ng karamihan sa iyong mga bill. Tumatanggap lamang ang ilang utilities o ibang mga kumpanya ng ilang mapipiling pagbayad ng bill.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga paraan upang magbayad ng mga bill, tingnan ang *CFPB Newcomer's Guide to Managing Money: Ways to Pay Your Bills (...: mga paraan na bayaran ang inyong mga singil)*.

- Gusto kung palaguhin ang inimpok.

Mga produktong makatutugon ng iyong pangangailangan	Saan kunin ito?
Savings o checking account, o certificate of deposit (nakaimpok na may-taning na panahon)	Bangko o credit union
Automatic na kaltas sa payroll upang ipadala sa isang bangko o credit union	Bangko o credit union
Mga Payo: Maaari kang magbukas ng isang account para sa iyong sarili o isang joint account kasama ng iyong asawa o ibang tao.	

- Gusto kong magpadala ng para sa isang tao sa ibayo.

Mga produktong makatutugong iyong pangangailangan	Saan kunin ito?
Mga Money transfer/Remittance	Bangko o credit union, money transfer tindahan, nagtitingi, ilang tindahan na nagpapalit ng tseke, U.S. Postal Service (sa ilang bansa), mga online na kumpanya
Mga wire transfer o iba pang pagpapadala ng pera	Bangko o credit union
Mga Payo: May tumutukoy na pangangalaga kapag nagpapadala ng pera sa ibayo. Bago ka magbayad, kailangang bigyan ka ng service provider ng impormasyon tungkol sa:	
<ul style="list-style-type: none"> ▪ Halaga ng palitan ▪ Halaga na matatanggap 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Mga kabayaran at buwis na iyong babayaran
Tatanggap ka rin ng impormasyon tungkol sa:	
<ul style="list-style-type: none"> ▪ Kailan makukuha ang pera sa paroroonan nito ▪ Paano humingi ng tulong kapag may nagawang mga pagkakamali 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Iyong karapatan na ikansela ang pagpapadala ▪ Paano isampa ang isang reklamo

- Gusto kong mamili nang hindi magdadala ng cash.

Mga produktong makatutugon ng iyong pangangailangan	Saan kunin ito?
Debit card (nakadugtong sa isang checking account)	Bangko o credit union
Credit card o store card	Kumpanya ng credit card, tindahan, bangko, o credit union
Prepaid card (isang uri ng debit card)	Bangko o credit union, nagtitingi, tindahan na nagkpapalit ng tseke, o online
Payroll card (iang uri ng debit card)	Bangko o credit union na pinili ng iyong employer kung nag-aalok ang iyong employer ng mga payroll card
Mga Payo: Kung magbabayad ka sa pamamagitan ng credit card, tiyakin na magbayad sa tamang oras. Iwasan ang pagbabago ng tubo sa pamamagitan ng pagbabayad ng buong balanse sa petsa ng taning.	

- Gusto kong ideposito ng direktso ang aking paycheck.

Mga produktong makatutugon ng iyong pangangailangan	Saan kunin ito?
Savings account o checking account	Bangko o credit union
Payroll card (isang uri ng debit card)	Bangko o credit union na pinili ng employer kung nag-aalok ng mga payroll card ang iyong employer
Prepaid card (isang uri ng debit card)	Bangko o credit union, nagtitingi, tindahang nagpapalit ng tseke, o online

Mga Payo: Patagalin ang iyong pera. Ihambing ang mga kabayaran na sisingilin sa iyo sa paggamit ng bawat produkto at planuhin kung paano gamitin ang produkto upang makita kung ano ang pinakamabuting kaayusan para sa iyo.

Babala: Hindi kapareho ang mga pangangalaga ng lahat na prepaid card laban sa pagkawala o pagnanakaw tulad ng makukuha mo sa isang checking o savings account o sa isang payroll card.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga paraan na tumanggap ng iyong pera, tingnan ang CFPB Newcomer’s Guide to Managing Money: Ways to Receive Money (gabay ng CFPB para sa bagong dating sa pangangasiwa ng pera: mga paraan na tumanggap ng pera).

Makipag-ugnayan sa amin



Online

consumerfinance.gov/askcfpb



Sa pamamagitan ng telepono

Toll free: (855) 411-CFPB (2372)

TTY/TDD: (855) 729-CFPB (2372)



Sa pamamagitan ng sulat

Consumer Financial Protection Bureau

P.O. Box 4503

Iowa City, Iowa 52244



Magsampa ng reklamo

consumerfinance.gov/complaint